MARAMING PONG SALAMAT, MAMA

Siyam na buwang inaruga sa iyong sinapupunan
Iningatan, inalagaan, hinintay na ako'y masilayan
Gabi at araw na pag-kalinga ay di mo ininda
Maipadama lamang ang wagas mong pagsinta

Una kong mga hakbang iyong pinalakpakan
Una kong pag-awit iyong hinangaan
Sa aking kabiguan, higit kang nasasaktan
Sa aking tagumpay, una kang naliligayahan

Sa aking karamdaman, ikaw ang laging hanap
Wari'y makagagaling ang mainit mong yakap
Minamasdan, pinupunasan at binabantayan
Hindi alintana kung ika'y mahahawaan

Luha sa iyong mga mata ay mababaw
Lungkot sa'king mata'y nakikita mong malinaw
Sa hirap ni minsan ako'y hindi iniwan
Nariyan ka at lagi akong ginagabayan

Sa aking pag-aasawa hindi mo ako iniwan
Kalinga mo'y higit kong naramdaman
Pag-ibig mo sa aking mga anak ay di ko masusuklian
salamat ina sa pag-ibig mong hindi mapantayan

(Gawa ni Jo Cabrera Alabastro para sa kanyang Nanay Herminia)